# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Napakahalaga sa atin ang mga hayop. Tumutulong ang mga ito sa atin sa maraming paraan. Nagbibigay ang mga ito ng pagkain, tumutulong sa ating mga trabaho, nagbibigay ng proteksiyon laban sa pinsala at nagiging mga kaibigan pa natin. Naisip mo ba na dapat lamang na alagaan nating mabuti ang mga ito bilang kapalit? Upang wastong maalagaan ang mga ito, kailangang magkaroon tayo ng mas maraming kaalaman tungkol sa mga ito. Tutulungan ka ng modyul na ito na magkaroon ng mas maraming kaalaman tungkol sa mga hayop.

Nahahati sa dalawang aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Gaano Kahalaga ang mga Hayop sa Atin?*

Aralin 2 – *Paano Tayo Mag-alaga ng mga Hayop?*

# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- igrupo ang mga hayop ayon sa paninirahan at kinakain ng mga ito;
- talakayin ang kahalagahan ng mga hayop sa atin;
- ibigay ang mga halimbawa ng mga produktong maaaring makuha sa mga hayop; at
- talakayin ang mga wastong paraan ng pag-aalaga sa mga hayop.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, gawin ang pagsusulit na ito upang malaman kung ano na ang alam mo tungkol sa mga paksang tatalakayin sa modyul na ito.

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Maglagay ng tsek (4) sa patlang bago ang numero ng pangungusap na TAMA. Maglagay ng (6) sa patlang bago ang numero ng pangungusap na MALI.

_____ 1. Maaaring manirahan sa bahay kasama natin ang lahat ng hayop.
_____ 2. Kailangang dalhin sa beterinaryo ang mga hayop kapag may sakit ang mga ito.
_____ 3. Mapanganib ang lahat ng hayop at maaaring makapinsala sa atin ang mga ito.
_____ 4. Mahalaga ang mga manok dahil nagbibigay sa atin ng pagkain ang mga ito.
_____ 5. Mga hayop na kumakain ng mga halaman ang carnivores.
_____ 6. Gawa sa balat ng hayop ang ilang produkto.
_____ 7. Halimbawa ng mga hayop na pantrabaho ang mga kalabaw at kabayo.
_____ 8. Tama lamang na paluin natin ang ating mga alaga at iba pang hayop.
_____ 9. Laging paliguan ang mga alagang aso't pusa.
_____ 10. Maaaring tumira ang mga buwaya sa lupa at sa tubig.

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 27–28.

Kung isa o dalawa lamang ang mali mo, napakahusay! Mayroon kang sapat na kaalaman sa mga hayop at kung paano aalagaan ang mga ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito para sa karagdagang kaalaman.

Kung tatlo hanggang apat ang mali mo, nangangahulugan ito na dapat magkaroon ka ng pinakabagong kaalaman tungkol sa paksa.

Kung lima o higit pa ang mali mo, huwag mag-alala. Kailangan mo lamang pag-aralan ang buong modyul upang matutuhan ang kahalagahan ng mga hayop at kung paano aalagaan ang mga ito.

# ARALIN 1

# Gaano Kahalaga ang mga Hayop sa Atin?

Lagi nang bahagi ng ating buhay ang mga hayop. Pero gaano na ang alam natin tungkol sa kanila? Tulad natin, magkakaiba ang mga hayop. May iba’t ibang ugali at katangian ang mga ito. Ang bawat hayop ay may mga pangangailangang naiiba sa iba.

May papel na ginagampanan ang mga hayop sa ating buhay. Mahalaga ang mga ito dahil nagbibigay sa atin ang mga ito ng napakaraming bagay. Nagbibigay ang mga ito ng pagkain, tumutulong sa ating mga trabaho at sumusuporta sa atin sa maraming ibang paraan.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:


- igrupo ang mga hayop ayon sa paninirahan at kinakain ng mga ito;
- talakayin ang kahalagahan ng mga hayop sa tao; at
- ibigay ang mga halimbawa ng mga produktong maaaring makuha sa mga hayop.





## Subukan Natin Ito

Tingnan ang mga larawan ng mga hayop sa susunod na pahina. Maaari mo bang tukuyin ang mga ito? Isulat sa patlang kung anong hayop ito. Piliin ang sagot sa kahon.


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| kabayo | maya | balyena | isda | kalabaw | agila |









1.______________________________ 2.______________________________ 3.______________________________








4.______________________________ 5.______________________________ 6.______________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.



# Pag-usapan Natin Ito


Karaniwang matatagpuan sa ating bansa ang mga hayop sa naunang pahina. Makikita mo ang mga ito sa iba't ibang lugar. Sa anu-anong lugar naninirahan ang mga hayop na ito?

Makipag-usap sa iyong mga kaibigan, kapamilya o kamag-aral tungkol sa ilang hayop at kung saan mo karaniwang matatagpuan ang mga ito. Talakayin sa kanila kung saan naninirahan ang mga hayop – kung naninirahan sa lupa, tubig o hangin. Maglagay ng tsek (4)  sa angkop na hanay sa talaan sa ibaba.

| **Hayop** | |
|---|---|
| | **Lupa** |
| 1. agila | |
| 2. isda | |
| 3. balyena | |
| 4. kalabaw | |
| 5. maya | |
| 6. kabayo | |


Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.


Tama ba lahat ang sagot mo? Kung oo, magaling! Kung hindi, ituloy ang pagbabasa at matuto pa!




## Alamin Natin

Ang pinaninirahan ng isang hayop ay tinatawag na **pinamamahayan** nito Maaaring manirahan sa lupa, tubig o hangin ang mga hayop. Ang ilang halimbawa ng mga hayop na naninirahan sa lupa ay mga aso, pusa, kalabaw, baboy, kambing, kabayo at ahas. Maaari ka bang mag-isip ng iba pang halimbawa?










Ang mga hayop na naninirahan sa hangin ay kinabibilangan ng mga ibon tulad ng maya, uwak, kalapati, kuwago, loro, agila at paniki.










May mga hayop na naninirahan sa tubig. Ang ilang halimbawa ay ang iba't ibang uri ng isda, pusit, hipon, tulya, ulang, dolpin, balyena at pating.









May mga hayop na maaaring manirahan sa tubig at lupa. Ang ilang halimbawa ay ang mga buwaya, bibe at palaka.







## Pag-usapan Natin Ito


May iba pang paraan ng pagpapangkat-pangkat ng mga hayop. Maaari nating pagpangkat-pangkatin ang mga ito ayon sa kinakain ng mga ito.

Tinatawag na **carnivores** ang mga hayop na kumakain ng karne ng iba pang mga hayop**.** Halimbawa'y mga leon, tigre at buwaya.



Maaari ka bang magbigay ng iba pang carnivores o mga hayop na kumakain ng karne?

______________________________________________________________________




Tinatawag na **herbivores** ang mga hayop na kumakain ng mga halaman. Herbivores ang mga kalabaw, baka, kambing, tupa at usa. Kumakain ng damo ang mga ito.

Magbigay ng iba pang halimbawa ng hervibores o mga hayop na kumakain ng mga halaman.

____________________________________________________________

Tinatawag na **omnivores** ang mga hayop na kumakain ng halaman at karne. Ang mga aso, pusa at tao ay omnivores o mga hayop na kumakain ng halaman at karne.



Magbigay ng iba pang omnivores o mga hayop na kumakain ng mga halaman at karne.

__________________________________________________________________

Ihambing ang mga halimbawa mo sa pahina 29 ng *Batayan sa Pagwawasto.*




## Subukan Natin Ito

Sabihin kung carnivore, herbivore o omnivore ang bawat hayop. Pagkatapos, magbigay ng mga halimbawa ng kinakain ng mga ito. Isulat ang mga sagot mo sa patlang.

1. Kalabaw: ____________________________________________________________________________________
2. Ahas: ____________________________________________________________________________________
3. Manok: ____________________________________________________________________________________
4. Baboy: ____________________________________________________________________________________
5. Usa: ____________________________________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29.



## Pag-usapan Natin Ito

Nagsisimula ka nang matuto ng iba pa tungkol sa mga hayop. Ngayon, alamin natin kung gaano kahalaga sa atin ang mga ito.

Makipag-usap sa iyong mga kapamilya, kaibigan at kamag-aral tungkol sa mga bagay na nagagawa ng mga hayop para sa iyo. Ilista ang mga ito sa kapirasong papel. Ipakita ang listahan mo sa Tagapangasiwa sa Pagtuturo.



## Subukan Natin Ito

Anu-ano ang mga pakinabang natin sa mga hayop? Lagyan ng tsek (ü) ang kahon bago ang numero ng pangungusap kung itinuturing mong pakinabang ito mula sa mga hayop.

- [ ] 1. Nagbibigay sa atin ng gatas ang mga kambing at baka.
- [ ] 2. Ang mga daga ay sumisira o nakapipinsala ng mga ari-arian.
- [ ] 3. Nagbabantay ang mga aso sa ating bahay laban sa mga taong di kilala.
- [ ] 4. Tumutulong ang mga kalabaw sa mga magsasaka sa pag-aararo ng bukid. Tumutulong ang mga ito sa pagbubuhat ng mabibigat na karga.
- [ ] 5. Tumutulong ang mga kabayo na magpalipat-lipat sa mga lugar ang mga tao at kalakal.
- [ ] 6. Sumisira ng mga pananim ng mga magsasaka ang mga higad. Peste ang mga ito.
- [ ] 7. Nanghahabol ang mga pusa ng mga dagang sumisira ng mga ari-arian.
- [ ] 8. Nagbibigay sa atin ng karne ang mga manok, isda, baboy at baka.
- [ ] 9. Maaaring gawing mga bag, sinturon at sapatos ang balat ng mga hayop.
- [ ] 10. Kumakain ng mga manok ang mga lobo.

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 30–31.

## Pag-isipan Natin Ito

Tumingin sa iyong kapaligiran. Anu-anong mga hayop ang nakikita mo sa iyong kalapitbahay?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Paano ka natutulungan ng mga hayop na ito?

______________________________________________________________________________


______________________________________________________________________________


Ipagpatuloy ang pagbabasa upang malaman ang iba pa tungkol sa kung gaano kapakipakinabang ang mga hayop sa atin.


## Alamin Natin

Napakahalaga ang mga hayop sa ating buhay. Tumutulong ang mga ito sa atin sa maraming paraan.


Nagbibigay ang mga ito ng iba't ibang uri ng pagkain upang tayo'y maging malusog at malakas. Ang ilang pagkain mula sa mga hayop ay kinabibilangan ng mga itlog, gatas, isda, karne ng baka, manok at baboy.










Hindi lamang mabubuting alaga ang mga hayop. Nagbibigay rin ang mga ito sa atin ng proteksyon laban sa pinsala. Nananakot ang mga aso ng mga estranghero at nagbabantay ng ating mga bahay. Tumutulong ang mga pusa na magtaboy ng mga peste sa bahay tulad ng mga daga. Tinutugis at kinakain ng mga pusa ang mga daga.







Tinatawag na hayop na pantrabaho ang mga hayop tulad ng kalabaw at kabayo. Tumutulong ang mga ito sa ating trabaho at kabuhayan. Tumutulong ang mga kalabaw sa mga magsasaka sa pagbubungkal ng lupa. Tumutulong ang mga kabayo sa pagbubuhat at paghahatid sa mga tao at kalakal.






Nagbibigay rin ang mga hayop ng mga bagay tulad ng mga bag, sinturon, sapatos at damit. Maaaring gawing ganitong mga bagay ang balat o *fur* mula sa ilang hayop. Lumilikha ang mga *silk worm* ng sutlang sinulid na maaaring gawing tela.









## Subukan Natin Ito

Ilista ang mga pakinabang ng tao sa sumusunod na mga hayop. Isulat ang mga sagot mo sa patlang.

1. Aso: ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Baka: ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Manok: ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Kalabaw: ______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 31.



## Tandaan Natin

Lagi nang bahagi ng ating buhay ang mga hayop. May maraming iba’t ibang uri ng hayop. Tumutulong ang mga ito sa atin sa iba’t ibang paraan.

Sa araling ito, natutuhan mo na ang sumusunod:

♦ Maaaring manirahan ang mga hayop sa lupa, tubig o hangin. Mayr ilang hayop na naninirahan sa lupa at tubig.

♦ Maaaring pagpangkat-pangkatin ang mga hayop ayon sa kinakain ng mga ito.

 – Mga hayop na kumakain ng karne ang **carnivores.**
 – Mga hayop na kumakain ng mga halaman ang **herbivores.**
 – Mga hayop na kumakain ng mga hayop at halaman ang **omnivores.**

♦ Nakatutulong ang mga hayop sa atin. Ang mga ito’y:

 – nagbibigay sa atin ng iba’t ibang uri ng pagkain tulad ng gatas, mga itlog at karne;
 – nagbibigay sa atin ng proteksyon at tumutulong sa ating kabuhayan; at
 – nagbibigay sa atin ng materyales na maaaring gawing mga bag, sinturon, sapatos at damit.

# Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sabihin kung saan naninirahan ang bawat hayop sa ibaba. Isulat kung naninirahan ito sa **lupa, tubig** o **hangin.**

___________ 1. kabayo

___________ 2. hipon

___________ 3. kalabaw

___________ 4. agila

___________ 5. pating

___________ 6. loro

___________ 7. pugita

___________ 8. elepante

___________ 9. balyena

___________ 10. kuneho

B. Pagpangkat-pangkatin ang sumusunod na hayop ayon sa kinakain ng mga ito. Maglagay ng tsek (4) sa tamang hanay sa talaan.

| Hayop | Carnivore | Herbiv |
|---|---|---|
| 1. usa | | |
| 2. tigre | | |
| 3. manok | | |
| 4. kalabaw | | |
| 5. buwaya | | |

C. Tukuyin ang inilarawang hayop sa bawat pangungusap sa ibaba. Nakabatay ang bawat paglalarawan sa pakinabang ng bawat hayop sa tao. Isulat ang sagot mo sa patlang bago ang bawat numero. Pumili sa listahan sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| ______ 1. | Nagbibigay ito ng mga itlog at mainam itong pinagkukunan ng karne. | kalabaw |
| ______ 2. | Tumutulong ito sa mga magsasaka sa pag-aararo ng bukid. | kabayo |
| ______ 3. | Ginagamit sa paggawa ng kasuotang pangginaw ang makapal na balahibo o lana nito. | baka |
| ______ 4. | Nagbibigay ito ng gatas at pinagmumulan ng karne. | manok |
| ______ 5. | Ginagamit itong panghila ng karitela. | tupa |

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 31–32.

Kumusta ang mga sagot mo? Tama ba lahat? Kung tama lahat, napakahusay! Kung hindi, maaari mong sabihin sa iyong Tagapangasiwa sa Pagtuturo o *Facilitator* na tulungan kang maintindihan ang mga bahagi ng araling ito na hindi malinaw sa iyo.

**ARALIN 2**

# Paano Tayo Mag-alaga ng mga Hayop?

Natutuhan mo na mahahalagang bagay na may buhay ang mga hayop. Kung wala ang mga ito, mahihirapan tayong makaligtas o mabuhay. Nagbibigay ang mga ito sa atin ng mga bagay na kailangan sa buhay. Hindi ba't dapat lamang nating ibigay ang lahat ng pag-aalagang nararapat sa mga ito?


Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- ilarawan ang mga wastong pamamaraan ng pagtrato sa mga hayop; at
- talakayin ang mga wastong pamamaraan ng pag-aalaga sa ating mga hayop.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang mga sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina.



1. Nagpapakita ba ang mga larawan ng pag-aalaga sa mga hayop? Bakit o Bakit hindi?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

2. Sa palagay mo, ano ang mangyayari kung patuloy na tatratuhin nang ganito ang mga hayop?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

3. Kung mayroon kang alagang hayop sa bahay, paano mo ito dapat tratuhin?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 32–33.



## Pag-isipan Natin Ito

Nagpapakita ng mali o masamang pagtrato sa mga hayop ang mga sitwasyon sa nakaraang pagsasanay. Ang masamang pagtrato sa mga hayop ay nangangahulugan ng hindi wastong pag-aalaga sa mga ito. Makasasakit sa mga hayop na ito ang pagpalo ng patpat sa aso at paghahagis ng pusa sa bintana. Kung minsan, kapag nakikipaglaro tayo sa mga ito, nakakalimot tayo na nasasaktan din ang mga ito tulad natin.







Kalupitan ang pagnanakaw ng mga itlog ng ilang hayop tulad ng mga ibon. Nasa loob ng mga itlog na ito ang mga inakay. Ano ang mararamdaman mo kapag umuwi kang wala ang iyong sanggol o anak?

Kung patuloy na tinrato nang masama o di wasto ang mga hayop, magkakasakit at mamamatay ang mga ito. Kawalan ito sa atin dahil napakahalaga sa atin ang mga hayop. Natatandaan mo ba ang kahalagahan ng mga hayop sa atin?




## Subukan Natin Ito

Maingat na pag-aralan ang sumusunod na larawan. Anu-anong mga larawan ang nagpapakita ng wastong paraan ng pagtrato sa mga hayop? Maglagay ng tsek (4) sa loob ng kahon na matatagpuan sa ibabang kanang sulok ng bawat larawan na nagpapakita ng wastong pagtrato sa mga hayop.


Kung minarkahan mo ang lahat ng larawan sa itaas, tama ka! Nagpapakita ang lahat ng mga larawan ng kung paano tayo dapat mag-alaga ng mga hayop.



## Pag-usapan Natin Ito

Tulad din ng mga tao ang mga hayop sa ilang paraan. Mayroon ding mga pangangailangan at damdamin ang mga ito. Kailangang alagaan ang mga hayop. Kailangang pakainin, paliguan at gamutin ang mga ito kapag may sakit at bigyan ng proteksyon laban sa mga sakit.

Makipag-usap sa iyong mga kapamilya, kaibigan at kamag-aral tungkol sa mga pangangailangan ng mga hayop. Talakayin sa kanila kung ano ang mga pangangailangan ng mga hayop at kung paano ninyo matutugunan ang mga pangangailangang ito.



## Alamin Natin

Tulad mo, nangangailangan ang mga hayop ng pagmamahal at pag-aalaga. Hindi kayang alagaan ng ilang hayop ang sarili kaya't kailangan nating alagaan ang mga ito. Paano natin wastong maaalagaan ang mga hayop?

Natutuhan mo sa Aralin 1 na nagkakaiba ang mga hayop sa kinakain ng mga ito. Kumakain ng iba't ibang pagkain ang iba't ibang hayop. Kailangan mong malaman kung ano ang kinakain ng iyong hayop at kung paano ang pag-aalaga dito.

Pag-aralan ang wastong pamamaraan ng pag-aalaga sa mga hayop. Tingnan ang bawat larawan. Pagkatapos, basahin ang nakasulat sa ilalim nito.




1. Ipakain sa iyong hayop ang tamang uri at dami ng pagkain.




2. Bigyan ng malinis at ligtas na paninirahan ang iyong mga hayop.




3. Regular na paliguan ang mga hayop.



4. Bigyan ng sapat na pahinga at tulog ang mga ito. Huwag pagurin ang mga ito.



5. Ipagamot ang iyong alagang hayop kapag may sakit ito. Bumisita sa isang beterinaryo para sa regular na pagpapatingin ng iyong hayop. Ang **beterinaryo** ay duktor ng hayop.



6. Ipakita sa iyong mga hayop na inaalagaan mo sila sa pamamagitan ng paghawak at pakikipaglaro sa kanila. Tulad natin, kailangan din ng mga hayop ang pagmamahal.

May naiisip ka bang ibang paraan ng pag-aalaga sa mga hayop? Talakayin ang iyong mga ideya sa mga kamag-aral at Tagapangasiwa sa Pagtuturo.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo na hindi dapat tratuhin nang masama ang mga hayop. Dapat tratuhing mabuti at alagaan nang wasto ang mga ito. Narito ang ilang paraan ng pag-aalaga sa mga hayop:

- Ipakain sa mga ito ang tamang dami at uri ng pagkain.
- Bigyan ng ligtas at malinis na paninirahan ang mga ito.
- Ipagamot ang mga ito kapag may sakit o nasaktan.
- Huwag pagurin ang mga ito.
- Kailanma’y saktan ang mga ito.
- Paminsan-minsa’y patingnan ang mga ito sa beterinaryo.
- Magpakita sa mga ito ng pagmamahal.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Basahin ang bawat sitwasyon sa ibaba. Sabihin kung bakit nagpapakita ito ng hindi wastong pag-aalaga at pagtrato sa mga hayop. Pagkatapos, sabihin kung ano ang dapat gawin upang maipakita ang wastong pag-aalaga at pagtrato. Isulat ang mga sagot mo sa patlang pagkatapos ng bawat bilang.

1. Payat na payat ang isang pusa. Madalas makalimutan ng may-ari na pakainin ito.

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Pinilit ng isang magsasaka na magpatuloy sa pag-aararo ang kanyang kalabaw kahit pagod na ang hayop.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

3. Maruming-marumi ang aso ng isang batang lalaki. Isang buwan na itong hindi pinaliliguan.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

4. Matagal nang hindi nalilinis ang hawla ng isang *lovebird*.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33.

Kumusta ang mga sagot mo? Tama ba lahat? Kung tama lahat, napakahusay! Kung hindi, maaari mong sabihin sa iyong Tagapangasiwa sa Pagtuturo o *Facilitator* na tulungan kang maintindihan ang mga bahagi ng araling ito na hindi malinaw sa iyo.



## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, natutuhan mo na ang sumusunod:

- Maaaring manirahan ang mga hayop sa lupa, tubig o hangin.
- Kumakain ng iba't ibang uri ng pagkain ang iba't ibang hayop.
  - Hayop na kumakain ng karne ang **carnivores**.
  - Hayop na kumakain ng mga halaman ang **herbivores**.
  - Hayop na kumakain ng halaman at karne ang **omnivores**.
- Napakahalaga sa atin ang mga hayop.
  - Nagbibigay sa atin ng pagkain ang mga ito.
  - Tumutulong ang mga ito sa ating kabuhayan.
  - Nagbibigay ang mga ito ng iba't ibang uri ng produkto.
  - Nakapagpapaligaya ang mga ito sa atin.
- Dapat alagaan nang wasto ang mga hayop. Nararapat tratuhing mabuti ang mga ito.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Piliin ang tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ang sagot mo sa patlang bago ang numero.

_____ 1. Tinatawag itong pinaninirahan ng isang hayop.

a. pinamamahayan b. pagkain c. tirahan ng aso

_____ 2. Naninirahan _______________ ang mga baka, kalabaw, aso at baboy.

a. sa tubig b. sa lupa c. sa hangin

_____ 3. Tinatawag na _______________ ang mga hayop na kumakain ng mga halaman.

a. omnivores b. karnivores c. herbivores

_____ 4. Nagbibigay sa atin ng _______________ ang mga baka, manok at isda.

a. gatas b. mga itlog c. karne

_____ 5. Isang omnivore ang manok. Bakit?

a. Kumakain ito ng mga butil ng mais at bulate.
b. Kumakain ito ng mga bulate at insekto.
c. Kumakain ito ng palay at butil ng mais.

_____ 6. Alin sa sumusunod ang HINDI isang hayop na pantrabaho?

a. kalabaw b. pusa c. kabayo

_____ 7. Anong mga produkto ang maaari mong makuha sa mga kalabaw?

a. mga bag b. mga itlog c. kahoy

_____ 8. Kapag nakita mo ang iyong alagang hayop na napakarumi, ano ang dapat mong gawin?

a. Huwag pansinin ang aso.
b. Ikulong ito sa loob ng bahay upang hindi lalong marumihan.
c. Paliguan ito agad.

_____ 9. Pagod na ang kabayo na humihila sa kalesa. Ano ang dapat gawin ng may-ari?

a. Payagan ang kanyang kabayo na magpahinga sandali.
b. Pilitin ang kabayo na magpatuloy sa pagtratrabaho.
c. Hagupitin ang kabayo upang magtrabaho ito nang husto.

_____10. Kapag may sakit ang iyong alagang hayop, ano ang dapat mong gawin?

a. Pabayaan ito. Gagaling ito kahit hindi tulungan.
b. Dalhin ito agad sa isang beterinaryo.
c. Bigyan ito ng gamot na iniinom mo kapag may sakit ka.

Ihambing ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 34–35.

Kung ang bilang ng tamang sagot na iyong nakuha ay:

9 – 10 Napakahusay! Marami kang natutuhan sa modyul na ito.

7 – 8 Mahusay! Kailangan mo lamang pagbalik-aralan ang mga aralin na hindi mo malinaw na naintindihan.

0 – 6 Kailangan mo muling pag-aralan ang modyul.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

__8__ 1. Hindi maaaring manirahan sa ating bahay kasama natin ang lahat ng hayop. Kahit naninirahan sa lupa ang karamihan sa mga hayop, kinakailangang manirahan ang ilan sa mga ito sa malalaking lugar at mga pook na malayo sa mga lungsod. Naninirahan sa malalaking karagatan ang ilang mga hayop, samantalang ang iba ay naninirahan sa malawak na kalangitan.

__4__ 2. Dalhin agad ang mga hayop sa isang beterinaryo kapag may sakit ang mga ito. Tulad natin, napakahalaga ang kalusugan ng mga ito. Nangangailangan ang mga ito ng wastong paggamot at hindi dapat pabayaan kapag may sakit.

__4__ 3. Hindi lahat ng hayop ay mapanganib at nakakapinsala sa atin. Kapakipakinabang sa tao ang ilang hayop. Ang ilan ay pangunahing pinagkukunan ng pagkain at ibang produkto.

__4__ 4. Mahalaga ang manok dahil isa ito sa mga pangunahing pinagkukunan ng pagkain. Nagbibigay ito sa atin ng karne at mga itlog.

__8__ 5. Ang carnivores ay mga hayop na kumakain ng ibang hayop o karne ng ibang hayop. Tinatawag na herbivores ang mga hayop na kumakain ng mga halaman.

__4__ 6. Gawa sa balat ng hayop ang ilang produkto. Ang balat ng mga kalabaw, baka, ahas, buwaya at ibang hayop ay maaaring gawing mga bag, sinturon at sapatos.

__4__ 7. Halimbawa ng mga hayop na pantrabaho ang mga kalabaw at kabayo. Ang mga hayop na pantrabaho ay ginagamit sa mabibigat na trabaho o sa pagdadala ng mabibigat na bagay. Ginagamit ng mga magsasaka ang mga kalabaw sa pag-aararo ng kanilang bukid. Kadalasa’y ginagamit ang mga kabayo sa paghila ng mga kariton, pagdadala ng mga tao o kalakal.

__8__ 8. Hindi tama na paluin natin ang ating mga alaga at iba pang hayop. Tulad natin, nasasaktan din ang mga ito. Ang pagpalo sa mga ito ay isang anyo ng masamang pagtrato o kalupitan sa mga hayop.

__4__ 9. Dapat laging paliguan ang mga alagang aso at pusa. Kailangan ito upang mapanatiling malusog ang katawan ng mga ito at makaiwas sa pagkakasakit.

__4__10. Ang mga buwaya ay isa sa mga hayop na maaaring manirahan sa lupa at tubig.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 3–4)*

1. agila
2. isda
3. balyena
4. kalabaw
5. maya
6. kabayo

*Pag-usapan Natin Ito (pahina 5)*

| Hayop | ] |
|---|---|
| | **Lupa** |
| 1. agila | |
| 2. isda | |
| 3. balyena | |
| 4. kalabaw | [illegible] |
| 5. maya | |
| 6. kabayo | [illegible] |

*Pag-usapan Natin Ito (pahina 8)*

Narito pa ang ilang halimbawa ng carnivores, herbivores at omnivores. Maaaring iba ang iyong listahan. Maaari mo itong talakayin sa iyong Tagapangasiwa sa Pagtuturo.

| **Carnivores** | |
|---|---|
| 1. ahas | 1. kab |
| 2. lawin | 2. tup |
| 3. buwaya | 3. asn |
| 4. lobo | 4. tipa |
| 5. fox | 5. kar |
| 6. palaka | 6. usa |
| 7. kuwago | 7. par |
| 8. gagamba | 8. kur |
| 9. butiki | 9. kul |
| 10. piranha | 10. gira |

*Subukan Natin Ito (pahina 9)*

1. **Herbivore.** Isang herbivore ang kalabaw dahil damo at iba pang halaman ang karamihan ng kinakain nito.

2. **Carnivore.** Isang carnivore ang ahas. Kumakain ito ng maliliit na hayop tulad ng mga kuneho, ibon at daga.

3. **Omnivore.** Isang omnivore ang manok. Kumakain ito ng palay at butil ng mais, na nanggagaling sa mga halaman. Kumakain din ito ng mga bulate at maliit na insekto.

4. **Omniboro.** Isang omnivore ang baboy dahil kumakain ito ng mga produkto mula sa halaman at hayop. Busal, kanin at tira-tirang karne ang pagkain nito.

5. **Herbivore.** Herbivores ang mga usa. Kumakain ang mga ito ng damo at iba pang halaman.

*Subukan Natin Ito (pahina 10)*

4 1. Nagbibigay sa atin ng gatas ang mga kambing at baka.

2. Sumisira ng mga ari-arian ang mga daga. Walang pakinabang sa atin ang mga ito.

4 3. Nagbabantay ang mga aso sa ating bahay laban sa mga taong di kilala.

4 4. Tumutulong ang mga kalabaw sa mga magsasaka sa pag-aararo ng kanilang bukid. Tumutulong din ang mga ito sa pagbubuhat ng mabibigat na karga.

4 5. Tumutulong ang mga kabayo na magpalipat-lipat sa mga lugar ang mga tao at kalakal. Tinatawag ding mga hayop na pantrabaho dahil nagbubuhat ang mga ito ng mabibigat na karga at nagtatrabaho nang husto.

6. Sumisira ang mga tipaklong ng mga pananim na pinagkakakitaan ng mga magsasaka. Mga peste ang mga ito.

4 7. Nanghahabol ang mga pusa ng mga dagang karaniwang sumisira o pumipinsala ng mga ari-arian.

4 8. Nagbibigay sa atin ng karne ang mga manok, isda, baboy at baka.

4 9. Mula sa balat ng hayop tulad ng kalabaw at buwaya ang mga balat na bag, sinturon at sapatos na ating ginagamit.

10. Ang mga lobo na kumakain ng mga manok ay isa sa mga pangunahing suliranin ng mga magsasaka. Ang manukan ay isang pangunahing pinagkakakitaan ng ilang magsasaka at kapag kinakain ng mga lobo ang mga manok, naaapektuhan ang kabuhayan ng mga magsasaka.

*Subukan Natin Ito (pp. 13–14)*

1. Ang mga aso ay nagbabantay sa atin at sa ating mga bahay laban sa mga estranghero. Nagbibigay ang mga ito ng proteksyon sa atin.

2. Nagbibigay sa atin ng gatas at karne ang mga baka. Maaaring gamitin ang balat ng mga ito sa paggawa ng mga bag, sinturon at sapatos.

3. Nagbibigay sa atin ng itlog at karne ang mga manok. Sa bukid, nagsisilbing orasan ang mga manok. Tumitilaok ang mga ito sa madaling-araw upang gisingin ang mga magsasaka.

4. Ginagawang bag, sinturon at sapatos ang balat ng kalabaw. Nagbibigay rin ng gatas at karne ang kalabaw.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 15–16)*

A.
1. lupa
2. tubig
3. lupa
4. hangin
5. tubig
6. hangin
7. tubig
8. lupa
9. tubig
10. lupa

B.

| Hayop | Carnivor |
|---|---|
| 1. usa | |
| 2. tigre | ✓ |
| 3. manok | |
| 4. kalabaw | |
| 5. buwaya | ✓ |

C. __manok__ 1.

__kalabaw__ 2.

__tupa__ 3.

__baka__ 4.

__kabayo__ 5.

## C. Aralin 2

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 17–18)*

1. Hindi, ang mga larawan ay hindi nagpapakita ng wastong pag-aalaga sa mga hayop. Nagpapakita ang mga ito ng kalupitan at masamang pagtrato. Tulad natin, nasasaktan din ang mga hayop kapag tinatrato ang mga ito nang masama.

2. Kung patuloy na tatratuhin nang masama o hindi wastong aalagaan ang mga hayop, maaari magkasakit nang husto o mamatay ang mga ito.

3. Isang halimbawang sagot ito. Maaaring maiba nang kaunti ang iyong sagot. Ipakita ang sagot mo sa iyong Tagapangasiwa sa Pagtuturo para sa mga puna.

   Kung may alagang hayop ako sa bahay, tatratuhin ko ito nang wastoat mabuti. Hindi ko ito sasaktan sa anumang paraan. Bibigyan ko ito ng sapat na pagkain. Bibigyan ko ito ng maayos na tirahan. Pananatilihin ko itong malinis sa pamamagitan ng regular na pagpapaligo rito. Dadalhin ko ito sa isang beterinaryo o duktor ng mga hayop para sa regular na pagpapatingin. Makikipaglaro ako rito at bibigyan ko ito ng pagmamahal.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 22–23)*

1. Masamang pagtrato ang hindi regular na pagpapakain sa alagang hayop. Maaaring magkasakit o mamatay ang hayop. Dapat regular na pakainin ng may-ari ang kanyang pusa. Dapat niya itong pakainin ng wastong uri at dami ng pagkain.

2. Masamang pagtrato ang pagtrabahuhin nang husto ang isang hayop, tulad ng kalabaw. Maaari itong mapagod nang husto, magkasakit at mamatay pa nga. Dapat hayaan ng magsasaka na magpahinga ang kanyang kalabaw. Hindi makakapagtrabaho nang husto ang kalabaw kung sobrang pagod ito para magtrabaho.

3. Nakapipinsala ang pagpapabaya sa isang alagang hayop na manatiling marumi. Maaari itong magkasakit. Dapt regular na paliguan ng batang lalaki ang kanyang aso. Makatutulong ito na manatiling malusog ang aso.

4. Kapag hindi natin lilinisin ang hawla o tirahan ng isang hayop sa mahabang panahon, maaaring magkasakit ang hayop. Tulad natin, kailangan ng mga hayop ang isang malinis at malusog na kapaligiran. Dapat regular na maglinis ang may-ari ng ibon ng hawla ng kanyang alaga.

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 25–26)*

__a__ 1. Ang **pinamamahayan** ang pinaninirahan ng isang hayop. Bagay na kinakain ang pagkain, samantalang isang uri ng tirahan ang bahay ng aso.

__b__ 2. Naninirahan **sa lupa** ang mga baka, kalabaw, aso at baboy.

__c__ 3. Tinatawag na **herbivore** ang mga hayop na kumakain ng mga halaman**.** Tinatawag na carnivore ang mga hayop na kumakain ng ibang hayop, samantalang tinatawag na omnivores ang mga hayop na kumakain ng halaman at hayop.

__c__ 4. Nagbibigay sa atin ng **karne** ang lahat ng tatlong hayop**.** Ang mga manok at isda lamang ang nagbibigay ng mga itlog. Ang mga baka lamang ang nagbibigay ng gatas.

__a__ 5. Isang omnivore ang manok dahil kumakain ito ng mga halaman at hayop. **Kumakain ito ng mga butil ng mais at bulate.**

__b__ 6. Ang **pusa** ay hindi isang hayop na pantrabaho. Ginagamit sa mabigat na trabaho ang isang hayop na pantrabaho. Mga halimbawa ng hayop na pantrabaho ang kabayo at kalabaw. Ginagamit ang mga kabayo sa pagdadala ng mga tao at iba pang karga. Ginagamit ng mga magsasaka ang mga kalabaw sa pag-aararo ng bukid.

__a__ 7. Maaaring gawing **bag** ang balat ng kalabaw. Hindi nangingitlog ang mga kalabaw. Galing sa mga puno ang kahoy.

__c__ 8. Kapag marumi ang iyong alagang aso, dapat mo itong **paliguan agad.** Maaaring magkasakit ang iyong aso kapag pinabayaan itong marumi sa mahabang panahon.

__**a**__ 9. Dapat **hayaang magpahinga** ang kahit anong hayop na pagod na. Napakalupit ang pamimilit sa hayop na magtrabaho kapag pagod na.

__**b**__ 10. Kapag may sakit ang iyong alagang hayop, dapat mo itong **dalhin agad sa isang beterinaryo.** Maaaring lumala ang sakit ng iyong alaga kung bibigyan mo lamang ito ng gamot na iniinom mo kapag may sakit ka. Kailangan ng mga hayop ang gamot na naiiba sa karaniwang gamot na ating iniinom.



## Talahuluganan

**Abuso** Saktan o sugatan

**Hayop na pantrabaho** Isang hayop na ginagamit sa mabigat na trabaho

**Carnivore** Isang hayop na kumakain ng ibang hayop o karne ng ibang hayop

**Pinamamahayan** Paninirahan ng isang hayop

**Herbivore** Isang hayop na kumakain ng mga halaman

**Omnivore** Isang hayop na kumakain ng halaman at ibang hayop

**Sobrang pagtratrabaho** Piliting magtrabaho nang napakabigat o napakatagal

**Peste** Isang nakapipinsalang hayop

**Pag-aararo** Ang pagbubungkal ng lupa para sa pagtatanim


**Sutla** Isang makintab na materyal na ginagamit sa paggawa ng tela

**Paghahatid** Paglipat-lipat sa mga lugar

**Pagtrato** Kilos o paraan ng pakikitungo sa iba

**Beterinaryo** Duktor para sa mga hayop

**Lana** Malambot na kulot na balahibo ng mga tupa at ibang hayop na maaaring habilin sa tela



## Mga Sanggunian

Lozano, Lourdes F., *et al. Science for Young Minds (Grade Five).* Metro Manila, Philippines: Diwa Scholastic Press Inc., 1996.

McLaren, James, *et al. Biology.* United States: D.C. Heath and Company, 1991.